Controller Betty T. Yee
California State Controller's Office
Unclaimed Property Division

DIBISYON NG HINDI NAANGKING ARI-ARIAN

KINAKAILANGAN ANG MGA PAPELES PARA SA PAG-FILE NG PAGHAHABOL SA PAGMAMAY-ARI NG ARI-ARIAN

Kung nakalista ka sa aming database o sa aming website bilang May-ari ng Ari-arian, mangyaring sundin ang mga tagubilin sa ibaba at ibigay ang lahat ng mga dokumentong kinakailangan upang maproseso ang iyong paghahabol. Paalala: Kinakailangan ang mga Item 1-3 para sa lahat ng mga paghahabol.

Kung hindi nakalista ang ari-ariang hinahabol mo sa ilalim ng iyong pangalan sa aming database o sa aming website, ngunit ikaw ang may-ari ng mga hindi nakuhang pondo (tulad ng Mga Tseke, Cashier's Check, Traveler's Check, Money Order, Bond o Kupon) na pinaniniwalaan mong nailipat sa Dibisyon ng Hindi Nakuhang Ari-arian, sundin din ang mga tagubilin sa ibaba. Para sa perang mas mababa ang halaga sa $50, kakailanganin mong magbigay ng mga dokumentong nakalista para sa mga Item 1-3 at 4.B.

1. **Kinakailangan ang nakumpleto at nalagdaang Form sa Paghahabol. (Paalala: Hindi tinatanggap ang Mga Power of Attorney)**
   A. Kailangang maipanotaryo ang Form sa Paghahabol kung ang:
      1) Halaga ng paghahabol ay $1,000 o higit pa
      2) Ang paghahabol ay para sa mga security tulad ng:
         a) Mga Stock
         b) Mga Mutual Fund
         c) Mga Bond
         d) Mga Debenture
      3) Ang paghahabol ay para sa mga nilalaman ng Safe Deposit Box
   B. Kung maraming may-aring nauugnay sa ari-arian, dapat na lumagda ang bawat may-ari na naghahabol sa ari-arian ng Form sa Paghahabol.
      1) Maaaring maipadala nang magkakasama ang lahat ng mga form ng paghahabol kung gumagamit sila ng parehong papeles. Kung ipinadala nang magkakahiwalay, dapat maglaman ang bawat hiwalay na paghahabol ng kinakailangang papeles.
      2) Maibabatay ang porsyento ng iyong pagbabayad sa impormasyon sa mga dokumentong ibinigay mo.
      3) Kung naniniwala kang karapat-dapat ka sa 100% ng ari-arian, mangyaring magbigay ng papeles na nagpapatunay kung bakit pinaniniwalaan mong karapat-dapat ka sa buong ari-arian, tulad ng mga Dokumento ng Hukuman. Nalalapat lamang ito kung mayroong maraming may-aring naulat.

2. **Kinakailangan ang isang kopya ng iyong kasalukuyang Lisensya o kard ng Litratong Pagkakakilanlan na Ibinigay ng Estado** (Sa halip ng isang kopya ng iyong Lisensya, katanggap-tanggap na magpadala ng ipinanotaryong statement na naglalaman sa iyong Pangalan, Numero ng Lisensya, Petsa ng Pagpapaso ng Lisensya, at Petsa ng Kapanganakan).

KINAKAILANGAN ANG MGA PAPELES PARA SA PAG-FILE NG PAGHAHABOL SA PAGMAMAY-ARI NG ARI-ARIAN

A. Kung walang Lisensya o Kard ng Pagkakakilanlang Ibinigay ng Estado, hindi pinapayagan ang sumusunod na papeles:
   Kabilang sa mga iminungkahing halimbawa:
   1) Military Identification Card
   2) Pasaporte
   3) Identification Card sa Paaralan (kung Menor-de-edad ang Naghahabol)
B. Kung iba na ang iyong pangalan ngayon kaysa sa naiulat ng kumpanyang nagsalin ng ari-arian, mangyaring magbigay ng papeles na nagpapatotoo sa iyong pagpapalit ng pangalan. Kabilang sa mga iminungkahing halimbawa:
   1) Sertipiko ng Kasal
   2) Mga Dokumento ng Hukuman

3. Kinakailangan ng patunay ng iyong Social Security number (SSN). Kung Menor-de-edad ang May-ari, kakailanganin mong ibigay ang kanyang SSN.

Kabilang sa mga iminungkahing halimbawa:
A. Social Security card
B. Binabayarang Buwis
C. Stub ng pagbabayad (kung nagpapakita lamang ng SSN)

Paalala: Kung isa kang dayuhan mamamayan at walang SSN, kinakailangan ang pagpapatotoo ng iyong katayuang pandayuhan. Maaaring maisagawa ang pagpapatotoong ito sa pamamagitan ng pagbibigay sa amin ng U.S. Government Internal Revenue Service Form Number W-8 BEN. Maaaring matagpuan ang form sa sumusunod na website: http://www.irs.gov/pub/irs-pdf/fw8ben.pdf

4. Bagamat ang SSN ay ang aming pangunahing paraan ng pagpapatotoo, hindi namin mapatotoo paminsan ang paghahabol batay sa SSN dahil hindi nagbigay ang kumpanyang nag-uulat ng SSN noong inililipat ang ari-arian sa amin. Sa mga pagkakataong ito kakailanganin namin ng karagdagang papeles tulad ng inilarawan sa A. o B. sa ibaba upang mapatotohanan ang iyong paghahabol. Samakatuwid, kung maryoon ka nang mga papeles na ito, mangyaring isumite ang mga iyon kapag i-file ang iyong paghahabol upang matiyak ang mabilis na pagproseso ng iyong paghahabol.

ALINMAN SA

A. Patunay na nagpapakita na nakatira ka sa address, na naiulat ng kumpanyang naglipat ng hindi nakuhang ari-arian. Ipinapakita ang address sa website ng Hindi Nakuhang Ari-arian ng State Controller sa www.sco.ca.gov. Kung wala kang access sa internet upang mapatotoo ang naiulat na address, mangyaring tawagan ang 1-800-992-4647 para sa tulong.
   Kabilang sa mga iminungkahing halimbawa:
   1) Stub ng pagbabayad
   2) Mga Dokumento ng Prenda
   3) Singil sa telepono o mga serbisyo
   4) Bank o Credit Card Statement
   5) Marriage o Birth Certificate

KINAKAILANGAN ANG MGA PAPELES PARA SA PAG-FILE NG PAGHAHABOL SA PAGMAMAY-ARI NG ARI-ARIAN

O

B. Papeles na nagpapakita na nagkaroon ka ng account, o nakipagnegosyo sa Kumpanya na nag-ulat sa hindi nakuhang ari-arian. Dapat na nauugnay ang mga dokumentong ito sa ari-ariang hinahabol mo.

Kabilang sa mga iminungkahing halimbawa:

1) Statement sa bangko (kung mula sa bangko ang hindi nakuhang ari-arian)
2) Sertipiko ng Stock o Statement (kung mula sa Kumpanya ng Pamumuhunan ang hindi nakuhang ari-arian)
3) Mga Invoice o Resibo na nagpapakita sa iyong pangalan at sa Nag-uulat na Kumpanya
4) Listahan ng Mga nilalaman ng Kahon (kung mula sa Safe Deposit Box ang ari-arian)

5. **Kung naghahabol ka ng ari-arian na Tseke, Cashier's Check, Traveler's Check, Money Order, Bond o Kupon (tinatawang ang lahat bilang Orihinal na Instrument), kailangan mong magbigay ng kopya para masiyasat namin upang matiyak na nasa amin ang iyong mga pondo. Kapag natukoy namin na nasa amin ang iyong mga pondo, hihilingin namin na ibinigay sa amin ang Orihinal na Instrument. Kung wala kang Orihinal na Instrument para sa anumang kadahilanan, mangyaring makipag-ugnay sa Dibisyon ng Hindi Nakuhang Ari-arian sa (800) 992-4647, at bibigyan ka ng mga karagdagang tagubilin.**

6. **Kung naghahabol ka ng ari-arian sa ngalan ng isang menor-de-edad, kakailanganin mong ibigay ang:**

A. Papeles na nagpapakita ng pangangalaga sa Menor-de-edad.

Kabilang sa mga iminungkahing halimbawa:

1) Mga Sulat para sa Tagapag-ingat/Tagapangalaga
2) Kopya ng kasalukuyang Binabayarang Buwis

B. Papeles na nagpapakita ng Edad ng Bata.

Kabilang sa mga iminungkahing halimbawa:

1) Birth Certificate
2) Identification Card sa Paaralan (kung ipinapakita lamang ang Edad ng Bata o Petsa ng Kapanganakan)

Ipadala ang lahat ng mga dokumento sa: State Controller's Office
Unclaimed Property Division
P.O. Box 942850
Sacramento, CA 94250-5873

Kung mayroon kang anumang mga tanong o alalahanin patungkol sa mga tagubiling ito mangyaring tumawag sa
(800) 992-4647.